Ang akreditasyon ng IB bilang core policy instrument: Ang IB ay isang konsepto na may tema na tumutuon sa epekto at hindi sa laki ng kumpanya o prayoridad ng sektor tulad ng ibang *industry promotion policy*. Upang i-endorso ang tulong pinansyal sa pribadong sektor, nangangailangan ang pamahalaan ng magandang layunin at *targeting system*. Hinahayaan ng *IB accreditation* ang pareho sa pamamagitan ng pagbibigay diin na kailangan ng mga kumpanya na mabuhay (kaya't ang tulong ng pamahalaan ay limitado), makamit ang malawakang *social impact*, at maglaan ng sistematiko at makabagong kontribusyon sa pag-unlad. Ang IB ay isang bagong konsepto at ang terminolohiya ng pagsasanib ng mga ekonomikong gawain na may *social impact* ay karaniwang nakakalito, kung kaya ang isang malinaw at malayang *accreditation system* ay kailangan upang madaling matukoy ang mga nasabing kumpanya. Ang ilang mga *AMS* (tulad ng Cambodia, Malaysia, Myanmar, at Viet Nam) ay kasalukuyang pinag-aaralan ang *IB accreditation scheme*. Ang ilang (tulad ng Malaysia, Thailand,

Singapore, Viet Nam) ay mayroong *social enterprise accreditation o registration system*, na maaaring palawakin para isama rin ang IB o iugnay sa isang hiwalay na *IB accreditation* (talakayan sa Malaysia at Viet Nam).

Mga prinsipyo ng akreditasyon ng IB: Ang labing-isang pangunahing prinsipyo ng akreditasyon ng IB ay nakabalangkas sa ibaba:

- 1) Maaaring mag-apply nang boluntaryo ang mga kumpanya at ang *IB accreditation* ay dapat iba sa *IB registration* para sa mga insentibo.
- 2) Tinatasa ng *IB accreditation system* ang IB business lines (hindi ang buong kumpanya) batay sa 40 o higit pang detalyadong pamantayan—tingnan ang Annex 5 at Annex 6 ng dokumentong gabay-at ikumpara sa mga *sector benchmark* para sa mga *small* (nag-aalok ng pagkakataon na isama ang mga *Social Enterprise (SE)*, at *medium at larger enterprises*).
- 3) Ang pagtatasa ay batay sa parehong nakalipas na pagganap at ang makatotohanang aplikasyon ng panghinaharap (tatlong taon) na business plan.
- 4) Dagdag pa rito, ang *IB accreditation* ay hindi ibinibigay nang minsan para sa lahat, ngunit kailangan na makumpirma kada tatlong taon.
- 5) Isang composite rating tool⁷ na may malinaw na pamantayan, *benchmark* ng sektor na nagpapakita ng iba't-ibang laki ng kumpanya at realidad ng isang bansa, at parehong prinsipyo sa pagkalkula⁸ at pagmarka⁹ ang ginagamit upang suriin ang lahat ng mga linya ng negosyo sa kanilang *IB potential*.
- 6) Kailangan makamit ng kumpanya ang ilang minimum na iskor upang maging kwalipikado bilang IB.¹⁰ Ang mga kumpanya na may *environmental, social at governance (ESG) safeguard* at responsableng pamantayan sa negosyo na mas mababa kaysa sa itinakdang puntos ay diskwalipikado.
- 7) Ang mga kumpanya na may magandang istratohiyang layunin sa IB na malapit sa mga *minimum threshold* ay maaaring ituring na potential IB, habang ang iba na lampas sa mga *minimum score* ay ituturing na IB. Ang mga potential IB ay maaaring magkaroon ng sa *mga insentibo* (hal. *business coaching*) ngunit kwalipikado lamang para sa mga insentibong pang pinansyal kung ang linya ng *IB projected impact* ay nakamit.

⁷ Ang benepisyo ng *composite rating tool* laban sa mga prinsipyo ng *assessment by exclusion*, ay ang mga kumpanya ay maaaring kwalipikado para sa IB kahit na sila ay mahina sa ilang mga pamantayan. Isa pang benepisyo ay ang lahat ng mga laki ng kumpanya ay maaaring suriin sa ilalim ng parehong metodolohiya, na may iba-ibang *benchmark* na ginagamit para sa *small, medium o large* na kumpanya.

⁸ Ang mga *commercial at social rating* ay may parehong timbang kasama ng *social rating* na mas mataas nang bahagya, habang ang *BoP innovation* ay mayroong mas mababang timbang. Habang ang pamantayan ay pare-pareho para sa lahat ng *AMS*, maaaring ayusin ang mga timbang para sa natatanging kondisyon ng bansa.

⁹ Ang pagsusuri ay magmamarka sa bawat isa nang 39 na pamantayan gamit ang *high-medium-at low* na resulta na ililipat sa mga numerong 1-6. Ang mga *marking* nito ay siyang imu-multiplied sa timbang para sa bawat pamantayan upang makamit ang isang tiyak na iskor.

¹⁰ Ang linya ng negosyo ng kumpanya ay maaaring maging kwalipikado bilang IB, kung ito ay makakukuha ng pinakamababang pangkalahatan at iskor ng seksyon. Ang nagsasabing pangkalahatang iskor para sa IB ay maaaring 3.2, ang pinakamababang iskor pinansyal ay 1.2 (kabuuan ng *commercial score, business innovation* at mga *technology innovation*), ang pinakamababang social score 1.5 (kabuuan ng *social impact at social innovation*), ang *innovation score* 0.4, at isang *IB strategic intent score* ay maaaring pinakamababa na 3.

- 8) Ang mga *small, medium at large* na kumpanya ay pinupuntusan sa kaparehong pamantayan, ngunit ang *rating benchmark* ay isasaalang-alang ang tatlong laki ng kumpanya.
- 9) Ang akreditasyon ay batay sa detalyadong pagsusuri ng *IB line* sa pamamagitan ng malayang tanggapan ng tagapayo. Upang mapagbuti ang pagmamay-ari sa mga pamayanan ng negosyo, ang *final rating* ay sama-sama na isasagawa ng mga kinatawan mula sa pamahalaan at mga asosasyon ng negosyo.
- 10) Ang resulta ng *IB accreditation* ay malinaw na isinasapubliko at ang mga *IB award* ay ibinibigay upang pag-ibayuhin ang tatak o pagkakakilanlan ng mga nasabing kumpanya.
- 11) Ang *IB rating* ay nakaugnay sa pagtanggap ng mga insentibo sa IB. Ang pagkilala at gantimpala ang mga *minimum incentive* na maaaring ibigay ng pamahalaan. Ang ibang insentibong pinansyal, teknikal, pamilihan, at *input access* ay ibinalangkas sa ibaba; maaaring magpasya ang *AMS* kung alin sa mga insentibong ito ang nais nilang buksan para sa *IB*.

Paghikayat sa pagbabago ng potensyal na IB: Sa layuning ito, mahalaga ang (a) pagpapatupad ng matinding pang-unawa at teorya ng pagbabago para sa *reporting scale*, lalim at karakter ng pagbabago ng *social impact*, at (b) paghikayat sa mga kumpanya na may mga potensyal na *IB model* na magsagawa ng pagbabago upang maging *IB*. Hinahayaan ng *accreditation system* ang pagtukoy sa mga potensyal na *IB model*, at ang mga nasabing kumpanya ay maaaring makatanggap ng tiyak na tulong tulad ng *business coaching*. Para sa pamahalaan at ibang gumaganap sa *ecosystem*, ang paglipat ng potensyal na *IB* sa pagiging ganap na mga *IB model* ang susi para sa malawakang paggamit ng *IB*.

Rehistrasyon ng *IB* bilang pinagbuti na *policy instrument*: Sa pagkakataon na magpasya ang pamahalaan na maglaan din ng mga insentibong pang pinansyal, ang mga kumpanya na may *inclusive business model* ay kailangang sumailalim sa isang *registration process*. Ang nasabing *registration process* ay maaaring *stand-alone process*, o isang kalakip na *registration process* para sa ibang mga *investment promotion incentive* (tulad ng sa Pilipinas).

4. Paglunsad na kabatiran sa *IB*

Kailangan ilunsad ang kamalayan sa *IB*: Maliban sa pagdami ng mga lider na nangunguna sa *IB* mula sa publiko at pribadong sektor, hindi pa rin masyadong kilala ang *IB* ng karamihan ng mga mambabatas, negosyo, o publiko sa mga *AMS*. Dahil dito, mahalaga na bumuo ng kamalayan sa iba-ibang antas, lalo na sa mga pinuno ng negosyo (upang makita nila ang potensyal ng mga *IB market*) at sa mga ahensya ng pamahalaan (upang kanilang maunawaan ang papel ng mga *IB* sa pagkamit ng kanilang kautusan, at kung paano nila i-*promote* ang *IB*). Samakatuwid, ang pagbabahagi ng kaalaman at adbokasiya ay isang kritikal na bahagi ng *IB promotion*.

Ang mga *business association* ang mga pinakamainam na magsagawa nito para sa pribadong sektor. Subalit, may ilang mga ahensya ng pamahalaan ang siya ring nakatakda upang paghandaan at ipakalat ang kaalaman sa *IB* gamit ang maraming aktibidad, tulad ng paghanda at pagpapakalat ng materyal na impormasyon – kasama ng iba pa – *multimedia*, nakasulat na impormasyon at mga *promotion material*, pelikula at mga *radio feature* pati na rin mga artikulo sa pahayagan. Ang pagbuo at pakikilahok sa mga *workshop* at *seminar*, mga programang mag-aangat ng kakayahan, at pandaigdigang kaganapan ay maaari ring isaalang-alang. Ang pagkakaroon ng *IB website sa bansa*, kung saan ang mga mahahalagang *stakeholder* ay nag-aambag at inuugnay sa mga pandaigdigang *IB platform*¹¹ ang mga simple at pinaka

¹¹ tulad ng www.inclusivebusiness.net.

epektibong paraan ng pagbibigay kamalayan. Sa panghuli, ang pagkilala sa mga nakamit na kontribusyon sa lipunan ng mga kumpanya ng IB sa pamamagitan ng pambansang IB Award ay maaari ring pataasin ang pang-unawa at kamalayan ng publiko at pribadong sektor sa IB *model*. Ang iminungkahing pamantayan ng nominasyon at seleksyon para sa IB Award ay matatagpuan sa Annex 7 ng *Guidelines*.

5. IB coaching para sa mga kumpanya

Katwiran para sa IB coaching: Sinasabi ng mga *impact investor* na ang kawalan ng kahandaan sa pamumuhunan ang pinaka pinamahirap para mamuhunan para sa mga kumpanya na may mga IB *model*. Ang kahandaang ito ay may kinalaman sa *commercial viability* at *social impact*. Samantala, mayroong mga kumpanya na walang mga IB *model* o di kaya ay mayroon nang potensyal na IB *model* na nais maging IB ngunit hindi pa ganap na buo ang mga nasabing linya ng negosyo. Ang programa ng IB *coaching* ay maaring gamitin upang tulungan ang mga kumpanyang nais maging IB, habang tumutulong sa pagpapahusay ng kahandaan sa pamumuhunan, *commercial viability* at *social impact*. Maaaring bumuo ang pamahalaan ng pasilidad para sa *business coaching*, na tutulong sa mga kumpanya sa pamamagitan ng nakatuon at praktikal na *technical assistance* sa pagpapayabong ng IB *model*.

Nilalaman ng IB coaching: Bubuuin ang IB coaching ng pangkalahatang *strategic business discussion* na resulta ng pangkalahatang oryentasyon para sa isang IB *focused business plan* ng kumpanya. Ang nilalayong tagapakinig ay karaniwang mga *high-level decision maker* sa kumpanya. Ang ibang uri ng *business coaching* ay ang paggawa ng tugmaan sa mga *impact investor*. Isa ring bahagi ng business coaching ay ang *marketing* sa *BoP*, pamamahala sa panganib sa kapaligiran at panlipunan sa pamamagitan ng *supply chain due diligence*¹², o *business processes advice*, kung saan kailangan ng mga eksperto sa sektor. Ang iba't ibang mga gawain sa *coaching* ay mangangailangan ng nasa pagitan ng 1 hanggang 30 katao-araw ng panaka-nakang input na may pananagutan na mas mahabang oras na tulong. Upang makamit ang iba't-ibang pangangailangan ng kahusayan, isang network ng nasanay na pambansa at internasyunal na eksperto sa IB ang maaaring itatag.

Ang paghahatid ng IB coaching at kanyang mga gastusin: Dahil mahal ang *one-on-one coaching*, kailangan ng mga makabagong paraan sa pagbabawas ng gastos upang maisakatuparan ang *coaching*. Ang IB *coaching* ay maaaring ibigay sa kumpanya bilang isang *grant* na may mekanismo para sa kumpanya na makibahagi sa gastusin ng ilang porsyento sa kaso ng matagumpay na IB *business*. Ito ay bubuo ng pondong maaring ipakilot upang ang IB *coaching* ay patuloy na maisagawa. Dahil ang mga *business association* ay malapit sa mga kliyente ng kumpanya, ang IB *coaching* ay mas maisasagawa sa pakikipag-ugnayan sa mga *business association* at pakikipagtulungan sa ibang mga *stakeholder*, lalo na sa mga *impact investor* at *development partner*.

6. Mga insentibo sa IB investment

Isama ang IB bilang isang hiwalay na kategorya sa umiiral na mga investment incentive: Maraming mga bansa ang mayroong natatanging *investment incentive* para sa mga industriya na *high national priority*. Ang nasabing mga *incentive* ay karaniwang kinabibilangang ng paborableng *tax regime*, *import* at *export incentive*, *technology* at *foreign workers incentive*, *profit transfer regulation*, benepisyo sa pamamagitan ng mga *industrial zone* atbp. Ang nasabing mga *financial incentive* ay maaaring mahalagang konsiderasyon para sa malalaking kumpanya upang masimulan ang mga pag-unlad ng IB

¹² Ang nasabing pagsasanay ay maaaring nakabawe sa pandaigdigang kinikilalang instrumento tulad ng [OECD Due Diligence Guidelines for Responsible Business Conductor](#) relevant sectoral OECD due diligence instrument.

model. Ang pagsama sa IB bilang isang kategorya sa umiiral na *incentive package* ay samakatuwid isang posibleng opsyon sa patakaran kung makukumpirma ito ng *cost benefit* o *social benefit analysis*. Ang mga iskema ng pagiging karapat-dapat ay maaaring ilinya sa mga prinsipyo ng IB *accreditation* at itama sa natatanging iskema ng mga incentive ayon sa konteksto ng mga natatanging konsiderasyon. Ang *Board of Investments* ng Piipinas ay nagsama sa IB *model* bilang isang ninanais na gawain sa kanyang *Investments Priority Plan 2017-2019*, na kung saan ang mga IB *project* ay maaaring ma-kwalipikado para sa *income tax holiday*. Mula sa naunang ginamit na pamantayan ng IB *assessment*, naibilang ang tatlong *impact target* at tatlong *innovation feature* sa mga pangangailangan sa rehistrasyon.¹³

Maaring gamitin ang IB upang patotohanan ang mga insentibo: Sa karamihan ng AMS ang mga insentibo ay ibinibigay para sa pamumuhunan sa mga sektor na tinukoy ng pamahalaan bilang prayoridad sa pag-unlad. Isasagawa ang IB sa maraming sektor na iyon ngunit higit pa rito, kabilang rin ang pagiging isang *societal priority* at ang pagkakaroon ng mas malawak na *inclusion*. Ang IB bilang isang malawak na paksa ay maaari ring makatulong sa mga *AMS investment board* upang mas patatagin ang umiiral na insentibo at unahin ang mga kumpanya na nagdadala ng malawakang *social impact*. Ang IB *accreditation* ay magiging isang paunang kondisyon para sa pagtasa ng nasabing mga insentibo.

7. Pagbawas sa epekto ng panganib sa pamumuhunan

Ang dahilan para sa tulong sa pamumuhunan. Humaharap ang mga *MSME* sa mga hamon ng pagkuha ng *financing* dahil sa mas nais ng mga bangko na hindi magkaroon ng panganib at ang administratibong pagnanais nito na makitungo sa mas malalaking kumpanya. Karamihan ng mga *SME financing program* ay tumutugon sa hamon na ito at bumubuo ng hiwalay na mga *credit line* para sa mga *SME*. Sa kabila nito, ang mga kumpanya na may mga IB *model*, ay may potensyal na makautang halimbawa sa mga *impact investor* kung sila ay makapagbibigay ng mainam na plano na may *social impact*, at makakikita ang mga potensyal na mga mamumuhunan ng mga paraan sa pagbawas ng kanilang mga nakitang panganib. Kung ang IB *support* ay tutugon sa kahandaan sa pamumuhunan sa pamamagitan ng IB *coaching*, maaaring himukin ang kahandaan ng mga mamumuhunan gamit ang pagtatag ng *risk reduction financing facility*.

Panganib sa pamumuhunan sa IB: Mayroong dalawang dahilan, kung bakit sa tingin ng mga pinansyal na institusyon na mataas ang panganib sa pamumuhunan sa mga kumpanyang IB: Una, ipinagpapalagay nito na ang pakikipagtrabaho sa BoP (mayroong mas mababang kapital kaya mas mababa ang kakayahang gumastos at makapagbayad) ay maaaring mas mapanganib para magsagawa ng pakikipag negosyo sa kanila o gamit sila. Isa pang dahilan ay ang mga hakbang na nagpapagaan ng panganib sa pagpapautang sa mga kumpanyang IB ay hindi pa ganap na nauunawaan ng mga institusyong pang pinansyal. Dahil dito, hindi iminumungkahi ang isang hiwalay na *credit line* para sa IB *financing* kung hindi isang pasilidad na maaaring makatulong sa pagbawas ng mga panganib ng *impact investors* sa IB. Ang *risk reduction facility* na ito ay tatanggapin ng mga *impact investor*, *development bank* at ilang mga *commercial bank*. Ang nasabing pasilidad ay makababawas din sa mga gastusin ng pamahalaan upang ipakilala ang IB *financing* habang kasabay ang aktibong paghihikayat ng mga pamumuhunan sa IB.

Nakadiseno bilang *pay-for-success blended finance facility*: Ang isang *innovative blended finance facility* ay kakaiba sa tradisyunal na *guarantee instrument* dahil ito ay lumilikha ng *modality* kung saan

¹³ Kabilang sa mga target ang *relevancy* (% halaga ng kabuuang presyo ng mga gamit na binibenta mula sa mga *MSE*), naabot ang (bilang ng mga *BoP* na kasapi, na kung saan mahigit 30% ay mga kababaihan) at lalim na (% pagtaas sa karaniwang kita). Binubuo ang *innovation feature* ng probisyon ng tulong pangteknikal, *facilitation* o probisyon ng *access* sa pinansyal at probisyon ng mga *input* at/o teknolohiya.

ang pampublikong sektor ay maaaring magco-invest o magpautang ng *equity* sa negosyo na may *societal value* nang hindi nasa-*subsidize* ng nasabing pamumuhunan. Ang pamahalaan—gamit ang *risk reduction facility* ay kasamang mamumuhunan sa *investor*. Ang pagpondo ay gagamitin upang mabawasan ang panganib sa pamumuhunan at ilabas ang pondo ng mga *impact investor* sa mga *accredited* na kumpanya ng IB. Sa pagkakataon na makamit ng mamumuhunan ang nakaplanong resultang panlipunan ngunit hindi nakamit ang pinagsang-ayunang *financial return*, ang pamumuhunan ng pamahalaan ay gagawing *grant*. Kung ang pamumuhunan ay naging matagumpay *commercially and socially*, ito ay mababayaran. Ang nasabing mga *risk reducing financing tool* batay sa kabayaran ng resulta ay ginagamit halimbawa sa Latin America ng Inter-American Development Bank sa IB at nagiging mas karaniwan sa Asya. Maaaring lapitan ang mga kasosyo sa pagbuo at bangko upang paunang pondohan ang pasilidad nang pangmatagalan (15-25 na taon) na muling babayaran ng pamahalaan.¹⁴

8. Pag-promote ng IB sa pampublikong procurement

Pag-promote ng procurement mula sa mga kumpanyang may mga IB model at social enterprise (SE) na inisyatibo: Ang pampublikong *procurement* ay karaniwang ginagamit sa pandaigdigang, ngunit kontrobersyal na *policy instrument* upang magtamasa ang mga naghahatid ng panlipunan at *environmental* na benepisyo at pumapasa sa pinakamababang pamantayan sa kalidad. Ang mga alituntunin ng *procurement* ay karaniwang tumutuon sa pagiging epektibo sa gastos, kalidad at sapat ng paghahatid, pati na rin ng mabuting pamamahala at pagtupad sa mga *social* at *environmental safeguard standard* ng mga kumpanya. Ang resulta, marami sa mga kalakal ang *imported* kaysa lokal. Ang pamahalaan ay maaring gumawa ng mekanismo na magbibigay preperensya sa mga *inclusive business* at *social enterprise*, sa pamamagitan ng mga target o epekto na may kaugnayan sa pamantayan sa pagpili, habang tinitiyak ang integridad ng negosyo¹⁵ sa proseso ng *procurement*. Dahil ang *procurement* ay karaniwang ginagawa sa isang *decentralized* na paraan, mangangailangan ito ng isang dedikadong *central agency* upang mabuo ang pangkalahatang alituntunin ng IB *targeting* at itugma ito alinsunod sa mga ahensya. Sa kasalukuyan, wala pang AMS ang mayroon nang nasabing alituntunin para sa IB o SE *targeting* sa pampublikong *procurement*.

Ang pampublikong procurement sa COVID-19 recovery program: Kung maipatutupad, ang IB *targeting* sa pampublikong *procurement* ay maaaring lumikha ng malaking pangangailangan para sa mga produkto na gawa ng *BoP* kaya ito ay magdudulot ng malaking epekto sa pagbibigay ng bagong pagkakakitaan para sa mga mahihirap. Lalo na sa katapusan ng panahon sa pagbawi sa COVID-19, ang nasabing IB *targeting* ay maaaring lumikha ng mabilis na epekto para sa mga mahihirap na ganap na naapektuhan ng pandemiko.

9. Pag-target sa IB sa umiiral na pribadong sektor at ibang programa sa pag-unlad

Mga SME development program: Maraming mga AMS ang mayroong aktibo at may sapat na pondo at may epektibong administrasyon para ipatupad ang kanilang mga *MSME development program*. Dahil ang ACCMSME ang focal point para sa IB sa ASEAN, ilang bansa ang nagpasyang ilagay ang

¹⁴ Sa paunang talakayan sa Cambodia, Myanmar at Viet Nam halimbawa, ang mga *multilateral development bank* tulad ng ADB at *development partners* tulad ng Agence Française de Développement (Afd), Department for International Development (DFID), Japan International Cooperation Agency (JICA), at Korea International Cooperation Agency (KOICA) ay nagpakita ng inisyal na interes sa pakikilahok sa nasabing *risk reduction facility*. Subalit, ito ay mangangailangan ng mas maraming aktibong paunang pakikilahok ng mga pamahalaan ng AMS.

¹⁵ Ang *Business Integrity Hub* sa OECD ay naglalaan ng tiyak na gabay sa katapatan sa *procurement* (tingnan ang <https://www.oecd.org/corruption-integrity/Explore/Topics/business-integrity.htm>).

kanilang IB *agenda* sa ilalim ng MSME administration (halimbawa, Cambodia, Malaysia, Philippines, Viet Nam). Batid nila na ang promosyon ng IB ay isang epektibo at alternatibong paraan upang matulungan ang mga MSME. Upang ganap na magamit ang potensyal ng IB sa alintuntunin ng inclusive growth, ang promosyon ng IB ay isang tungkuling higit pa sa layunin at *institutional structure* ng *SME promotion*. Ang promosyon ng IB, kung saan ay nasa ilalim ng mga *SME agency* ay maaaring agarang magsimula sa promosyon ng IB gamit ang kanilang sariling pinondohang mga *SME support program*.¹⁶

Mga programa sa pagbawas sa kahirapan: Isang katulad na pagsusuri ang maaaring gawin para sa mga programa sa pagbabawas ng kahirapan. Bilang bahagi ng pag-aaral sa Malaysia, nakita na ang 5-10% ng umiiral na pondo para sa SME at *B40 inclusion program* ay mahalagang mai-target para sa mga kumpanyang IB. Ang pagtakda ng tiyak na *quota* para sa IB sa mga umiiral na mga *SME program* ay maaari ring maging opsyon dahil ang parehong ahensya ang gagawa ng promosyon ng IB at pagpapaunland ng SME. Sa pangkalahatan, maaaring tasahin ng *AMS* kung anong mga programa sa pagpapaunland ng SME at pagbabawas ng kahirapan ang pinaka akma sa promosyon ng IB at kung paano mas mata-target ang IB sa mga programang ito.

10. Pag-uugnay ng IB sa social enterprise at corporate social responsibility agenda

Ang pag-uugnay ng *social enterprise* (SE) at *corporate social responsibility* (CSR) na mga *agenda* sa IB ay naglalaan ng pagkakataon upang pataasin ang epekto: Mula sa umpisa ng 2010 iba't ibang mga AMS ang tumalakay kung paano i-promote ang SE, CSR, at marami pang responsableng aksyon sa negosyo, lalo na ng mga bansang may *middle-at higher-income*. Ang mga ito ay matatagpuan sa ilang mga dokumento ng ASEAN tulad ng *ASEAN SME Policy Index 2018*¹⁷ at *ASEAN Socio-Cultural, Economic, and Political-Security Community Blueprints 2025*¹⁸. Ang ilang AMS ay nagkaroon ng tiyak na mga regulasyon sa SE¹⁹, tulad ng Thailand at Malaysia. Ang ilang AMS ay isinama ang CSR sa kanilang mga pambansang patakaran, istrategiya o batas, pati na rin sa mga *economic instrument*²⁰. Ang pagbuo ng malinaw na ugnayan sa pagitan ng IB, SE at CSR *policy instrument* ay maaaring maging gabay sa mga kumpanya na magkaroon ng mas mataas at mas malawakang *impact*. Halimbawa, ang IB accreditation system ay maaaring ayusin upang magamit din ng mga SE. Maaaring ipabatid sa mga SE at CSR *promotion agency* ang IB at tuklasin ang pagsasanib. Maaari silang aktibong makilahok sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa IB at magbigay ng gabay sa mga oportunidad ng pagbabago mula sa pagiging non-profit na SE tungo sa SE *initiative* at mula sa tradisyunal na CSR sa pagiging *IB activity* hanggang maging isang ganap na mga *IB model*.

11. Pagsubaybay at pag-ulat sa mga IB result

Matatamo ang sinusukat: Habang ang IB ay mabilis na nagiging mahabang agenda sa buong Asya at mundo, kaunti lamang ang may ulat sa sistematikong resulta ng IB maliban sa mga kaso ng mga

¹⁶ Halimbawa, tinalakay ng Malaysia ang nasabing *approach*, at ilang paunang mungkahi ang ginawa sa *landscape study* na kung saan ang mga programa ay pinakamainam kabilang ang IB at kung gaano kalaking pondo (o kompanya) ang maaaring ma-target.

¹⁷ [Ang ASEAN SME Policy Index 2018](#) ay kinabibilangan ng kabanata sa *Social Enterprises at Inclusive Entrepreneurship*, na sumusubaybay sa progresong ginawa ng lahat 10 AMS, OECD

¹⁸ Ang lahat ng ASEAN Socio-Cultural, Economic, and Political-Security Community Blueprints 2025 ay mayroong sangguni sa CSR.

¹⁹ Mas marami pa sa regulasyon para sa SE sa [Compendium of good practices for SE](#), OECD

²⁰ Halimbawa, bumuo ang Thailand ng National Action Plan on Business and Human Rights; Myanmar 2016 Investment Law kabilang ang makikitang layunin sa responsableng pamumuhunan; ang EU-Vietnam Free Trade Agreement kasama ang kabanata sa sustainability.

kumpanya. Sa kabilang banda, ang tagumpay ng mga IB *solution* ay maaaring masukat, dahil ang nasabing mga resulta ay may kaugnayan sa sa mga kita sa negosyo, mga naabot ng benepisyo, at pagbabagong *structural* na ginagawa ng mga nasabing kumpanya upang magkaroon ng kalidad ang buhay ng mga mahihirap at mga taong may mababang kita.

Palagiang pag-uulat sa pambansa at ASEAN na antas: Mahalaga at makatutulong ang palagiang pag-uulat upang lalong masubaybayan ang *economic* at *social impact* ng IB at mahikayat ang pagbabago sa IB. Maaari itong gawin ng IB *unit* batay sa mga *input* mula sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan at samahan ng negosyo. Maaari rin itong iugnay sa pag-ulat sa kontribusyon ng pribadong sektor upang makamit ang mga *Sustainable Development Goal* (SDG). Magagamit ang mga *landscape study* bilang isang *benchmark* kung anong pag-unlad ang maaaring ikumpara. Ang rehiyunal na palitan sa antas ng ASEAN ukol sa mga resulta ng nasabing mga pag-aaral ay ay makatutulong upang matuto sa isa't isa ang mga AMS.

12. Pagbuo ng mga synergy upang i-promote ang IB sa rehiyon at labas ng ASEAN

Ang tungkulin ng ASEAN sa promosyon ng IB sa ngayon: Mula 2017, ang ASEAN at ang ASEAN-BAC ay aktibong nagpro-promote kaalaman at halimbawa ng IB sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga ASEAN IB Summit (2017 at 2019), at mga IB award (2017). Tumulong din ang ASEAN sa Gawain ng IB policy agenda sa pamamagitan ng pag-endorso ng *ASEAN IB Framework* (2017), pagsasagawa ng *capacity building initiative* (2018-2019) at paghahanda ng *Guidelines for the Promotion of IB in ASEAN* (2020). Aktibong ginagamit ng ilang mga AMS ang kanilang mga tungkulin bilang mga pinuno ng ASEAN upang i-promote ang IB. Ipinakilala rin ng ilang mga bansa ang *IB topic* sa Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) noong pinamunuan nila ang APEC.²¹ Ang ASEAN ay pinaka-aktibong rehiyunal na kinatawan na pandaigdigang na kumikilos sa promosyon ng IB *agenda*.

Pag-uugnay ng promosyon ng IB sa ASEAN social development agenda: Sa ASEAN, ang IB ay ganap na nakatanim sa ilalim ng ACCMSME – ang *Coordinating Committee* para sa *Micro, Small, at Medium Enterprise*, bilang bahagi ng *ASEAN Economic Community* (AEC). Sa ngayon, walang ugnayan sa trabaho ng *ASEAN Socio-Cultural Community* (ASCC), na may pananagutan sa "... pag-angat ng kalidad ng buhay ng mga tao sa ASEAN, ... pagbawas sa kahinaan at paghusayin ang pagkakataon at kapakanan ng mga *socially less favorable* at nakahiwalay..." Ang ASCC Blueprint 2025 ay nakabatay sa *inclusive growth agenda* sa ilalim ng AEC at ang promosyon ng "... mas makatao na daan sa mga pagkakataon para sa lahat ng tao sa ASEAN, kasama ang mahina at nakahiwalay na grupo..." Bukod sa pagtaas ng kita para sa mga mahihirap kung saan ang karamihan ng mga IB example ay aktibo, tumutuon din ang IB sa paghahatid ng abot-kayang kalakal at serbisyo na mahalaga sa mga mahihirap at mga taong may mababang kita. Ang pangalawang *dimension* na ito ay nakaugnay sa trabaho ng ASCC. Maraming magagandang halimbawa kung saan ang pribadong sektor ay tumutulong o naglalaan ng mga serbisyo para sa mga mahihirap at mahihinang tao sa mahusay, makabago, matipid, mahalaga at *inclusive* na paraan. Ang mga programang ipinatupad ng mga miyembro ng ASCC lalo na ang pagbawas sa kahirapan ay maaaring gumamit ng mga ganitong inobasyon ng pribadong sektor na ibinibigay ng mga kumpanyang IB. Dahil dito, may mga oportunidad upang makipagtulungan sa iba't-ibang *chapter* sa ilalim ng ASCC tulad ng para sa mga patakaran ng sektor (kalusugan, edukasyon, at social welfare and development) at para sa mga temang *cross sectoral* (*rural development* at pagbawas sa kahirapan, *women empowerment*, at paggawa). Maaaring makipag-ugnayan ang ACCMSME sa mga institusyon ng ASCC upang simulan ang nasabing talakayan.

²¹ Halimbawa, ang rehiyunal na IB study sa APEC ay ginawa noong 2016 at tinalakay noong mga pagpupulong sa 2017 APEC.

Pag-uugnay ng promosyon ng IB sa SDG agenda: Ang IB ay isa sa mga kontribusyon ng pribadong sektor upang makamit ang mga SDG. Dahil sa kanyang salik na katangian ng pakikipag-ugnayan sa BoP, ang IB ay nagbibigay kontribusyon sa SDG 1 – Walang kahirapan. Bukod dito, ang isa or higit pang SDG ay nasusuportahan depende sa sektor ng negosyo.

Isang bagong yugto ng ASEAN IB involvement: Sa pagsulong sa rehiyunal na antas, natukoy ang mga sumusunod na potensyal na gawain na maaaring suportahan ng ASEAN upang lalo pang matulungan ang promosyon ng IB:

- pagtukoy sa dedikadong IB focal point sa ACCMSME;
- pagpapatuloy sa pagganap ng mga IB summit at IB award. Ang pamantayan ng nominasyon at seleksyon ng *ASEAN IB Award*, na maaaring magamit upang kilalanin ang mga IB sa parehong pambansa at rehiyunal na antas ay matatagpuan bilang Annex 7;
- ang pagsasama ng mga pambansang IB *focal point* sa labas ng IB *summit* upang higit na makipagpalitan ng kaalaman sa sa mga pagpapatupad ng IB *policy*;
- pagsasagawa ng mga palitan ng kaalaman at paraan sa IB, kabilang ang IB accreditation at sa pagsubaybay sa IB *impact*;
- patuloy na pakikipagtulungan sa pribadong sektor sa pamamagitan ng ASEAN-BAC at kanyang mga Joint Business Council;
- paggawa ng *bi-annual report* sa mga nangyaring pag-usad ng promosyon ng IB at mga nalikhang epekto nito.;
- pagbuo ng *ASEAN-wide* na IB *website*, na nakaugnay sa mga pambansang website ng IB ng AMS at mga pandaigdigang *digital platform*;
- pagpapakita ng ng mga nakamit ng ASEAN sa IB *promotion* sa rehiyunal at pandaigdigang antas at aktibong pakikilahok sa pandaigdigang talakayan, bilang kinakatawan ang *Southeast Asia*;
- pakikipag-ugnayan sa mga *development partners* upang makakuha ng teknikal at pinansyal na tulong para masuportahan ang AMS na ipatupad ang pag-unlad at promosyon ng IB; at
- Ang ASEAN at at AMS ay maaari ring magbahagi ng kanilang magandang progreso sa promosyon ng IB at pag-abot ng kanilang mga *socio-economic results* para sa BoP sa pamamagitan ng mga solusyon ng pribadong sektor kasama ang mga ibang rehiyon at pag-organisa ng mga dayalogong South-South.²²

²² Halimbawa, tulad ng ng 2019 *IB summit*, ang dayalogo na south-south ay magkasabay na inorganisa ng iBAN sa tulong ng Cambodia, Malaysia, Viet Nam at Nigeria. Malugod na tinanggap ng Nigeria at Ang pamahalaan ng Nigeria at ng kanyang *business associations* ay malugod na tinanggap ang nasabing kaalaman at ngayon ay nasa proseso na ng paggawa ng katulad na mga landscape study na may mga mungkahi sa patakaran para sa promosyon ng IB.

Overview ng IB policy instrument at ang potensyal na mga tungkulin ng mahahalagang stakeholder


Mga Policy Instrument		Mga Tagapagpatupad					Mga Supporter		
		Mga Kompanya	Pamahalaan	Mga asosasyon ng negosyo	Mga impact investor	Mga intermediary	Mga development	Academia, media	ASEAN
1	Bumuo ng IB strategy at action plan	Pinuno		Finance landscaping at strategy process					
2	Pag-institutionalize ng IB promotion	IB unit at mga focal point	IB focal point	Mga miyembro ng IB steering committee			Mga IB focal point ACCMSME, ASEAN-BAC, ASCC		
3	IB accreditation	Co-Lead agkasamang magsagawa ng IB accreditati							
4	IB awareness raising	Finance at lead website	Pinuno at co-finance, mga IB	Makilahok	Makilahok	Suporta at co-finance	Pangunahing IB program at		
5	IB coaching	Finance	I-coordinate	Contribute impact assessment	Ipatupad	Co-finance			
6	Mga insentibo sa IB investment	Finance at Ipatupad	ibahagi ang impormasyon						
7	Bawasan ang panganib ng impact investment	Ayusin at pondohan ang risk financing		Ipatupad at i-access		Co-finance			
8	Pag-prioritize ng IB sa public procurement	Ayusin ayon sa mga line							
9	I-target ang IB sa mga sector program	Ayusin ayon sa mga line ministries							
10	Iugnay sa SE at CSR agenda	I-adjust ang legal at institutional	Pagyabugin ang mga CSR award		Palawakin ang pagsasanay sa IB		Lumikha ng consistency sa IB at CSR/SE na talakayan		
11	Subaybayan ang iulat sa impact	Magkasamang i-koordinate ang	Maglaan ng mga inpu	glaan ng mga ir	glaan ng mga ir	Co-finance	aan ng mga	I-consolidate ang rehiyunal iulat	
12	Lumikha ng synergy sa antas rehiyunal	Mga Regional IB award				Himukin ang i-cofinance		Pinuno	



ASEAN: A Community of Opportunities for All

 ASEAN

 @ASEAN

 @asean

 www.asean.org



CO FINANCED BY THE EUROPEAN UNION



german cooperation
DEUTSCHE ZUSAMMENARBEIT



giz
GIZ CONSULTING
INTERNATIONAL
AN DER UNIVERSITÄT
DUISBURG ESSEN

